

Independiyenteng Pagsusuri ng Programa sa Pag-access ng Serbisyo at Pagiging Patas (Service Access and Equity Program)

Kagawaran ng California para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad

Buod ng Ulat

Isinumite ng Pambansang Sentro para sa Kakayahang Pangkultura (National Center for Cultural Competence) ng Georgetown University

Orihinal na isinumite noong Agosto 31, 2023

Ini-update noong Oktubre 17, 2023



Panimula

Noong 2016, nilikha ng California ang programang gawad sa Pag-access ng Serbisyo at Ekidad (Service Access and Equity, SAE). Gumagastos ang programang ito ng \$11 milyon kada taon para tiyakin na ang mga taong may kapansanang intelektwal at sa pag-unlad (intellectual and developmental disabilities, IDD) na iba't iba ang pinagmulan ay makakukuha ng parehong pag-access sa mga serbisyo gaya ng iba. Kabilang dito ang mga tao sa California na mula sa mga komunidad na may iba't ibang lahi, etniko, kultura, at wika.

Kinuha ang dalawang organisasyon para alamin kung gaano kaepektibo ang Programang Gawad sa SAE (SAE Grants Program). Ang tawag dito ay isang pagsusuri. Ang mga organisasyong nagsagawa ng pagsusuring ito ay ang Pambansang Sentro para sa Kakayahang Pangkultura (National Center for Cultural Competence) ng Georgetown University at ng Mission Analytics Group. Ang tawag sa kanila ay mga tagasuri. Tiningnan ng mga tagasuri ang mga Regional Center ng California at mga organisasyong nakabase sa komunidad na pinondohan ng programang gawad sa SAE noong 2018 hanggang 2020. Kasama sa panahong ito ang pandemya ng COVID-19. Naging mahirap sa panahong ito ang magbigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan.

Natuklasan sa kanilang pagsusuri na nangunguna sa bansa ang California sa pagpasa ng mga batas at paggastos ng pera na tumutulong para matiyak na ang mga taong may IDD at kanilang mga pamilya na iba't iba ang pinagmulan ay makakukuha ng mga suporta at serbisyong kailangan nila. Inirekomenda ng mga tagasuri na dapat ipagpatuloy ang programang gawad sa SAE. Inirekomenda rin nila ang mga pagbabago sa programa upang tiyaking maging mas epektibo ito.

Kakailanganin ang higit pa kaysa sa programang gawad sa SAE upang mabawasan ang hindi patas na pagtrato sa mga taong may IDD at kanilang mga pamilya na may iba't ibang pinagmulan batay sa kultura at wika. Minsan ang mga taong nangangailangan ng mga serbisyo ay hindi tinatrato nang patas dahil sa kanilang lahi, etnisidad, o wikang ginagamit.

Kapag nangyayari ito, nagdudulot ito ng mga pagkakaiba sa pagitan ng kung ano ang kailangan ng mga tao at ano ang kanilang natatanggap. Nalaman ng mga tagasuri na bukod sa programang Gawad sa SAE, may iba pang mga pagsisikap sa loob ng Department of Developmental Services (DDS) ng California upang gawing makatarungan at patas ang mga serbisyo para sa lahat. Gayunpaman, mahalagang malaman ang higit pa tungkol sa kung ano ang nagdudulot ng mga hindi pagkakapantay-pantay para sa mga taong may IDD at kanilang mga pamilya sa California batay sa lahi, etniko, at wika.

Bakit namin ginawa ito

Nagsimula ang pagsusuri ng programang gawad sa SAE limang taon matapos mag-umpisa ang programa. Mula sa pampublikong impormasyon tulad ng mga ulat mula sa mga grupong pang-advokasiya at tagapagtaguyod ng katarungang panlipunan, nalaman ng mga tagasuri na patuloy ang pagkakaroon ng hindi pagkakapantay-pantay para sa mga taong may IDD mula sa iba't ibang grupo batay sa lahi, etniko, at wika. Sinabi rin ng mga tagasuri na ang mga pinuno sa loob ng Kagawaran ng California para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad ay nakatuon sa pag-alis ng mga hindi pagkakapantay-pantay na ito, sa mga programang gawad sa SAE at sa iba pang mga programa.

Ang hindi patas na pagtrato batay sa lahi, pinanggalingan ng mga tao, at wikang gamit nila ay hindi na bago. Higit pa ito sa California at sistema ng IDD. Subalit, ang sistema ng IDD sa buong bansa ay nahuhuli kumpara sa ibang mga grupo hinggil sa paglalarawan kung ano ang kahulugan ng **ekidad** para sa mga taong may IDD. (Ang ibig sabihin ng pagiging patas ay makatarungang pagtrato. Naiiba ito sa pagkakapantay-pantay, na ang ibig sabihin ay parehong pagtrato.) Hindi ipinaliwanag ng sistema ng IDD kung paano naging bahagi ang hindi pagiging patas, o kawalan ng ekidad, ng mga serbisyong natatanggap ng mga taong may IDD. Hindi niyo inilarawan kung paano sukatin ang kawalan ng ekidad na ito. At hindi ipinaliwanag ng sistema ng IDD kung paano itaguyod ang ekidad para sa mga taong may IDD sa tulong ng ibang mga grupo na hindi makatarungang tinatratong.

Ginamit ng mga tagasuri ang Balangkas para sa mga Hindi Pagkakapantay-pantay ayon sa mga Kapansanan (Disabilities Disparities Framework) upang tingnan ang mga serbisyong natanggap ng mga taong may IDD at kanilang mga pamilya. Ang balangkas na ito ay nilikha ni Tawara Goode. Tinitingnan nito ang maaaring makuha, maa-access, katanggap-tanggap, kalidad, at paggamit ng mga serbisyo at suporta. Ipinakikita rin ng balangkas na ito kung paano nauugnay ang bawat bahagi ng balangkas na ito at kung ano ang kahulugan nito para sa mga taong may IDD, kanilang mga pamilya, at mga komunidad kung saan sila nakatira.

Ang ginawa namin

Ang pagsusuri ng programang gawad sa SAE ay may tatlong malalaking layunin:

1. Siyasatin ang epekto ng programang gawad sa SAE sa mga taong may IDD mula sa mga grupong may ibat ibang lahi, etniko, at wika at alamin kung anong mga pagbabago ang makakapagpabuti sa programa.
2. Gumawa ng paraan upang sukatin ang mga resulta at epekto ng mga darating na programang gawad sa SAE.
3. Gumawa ng paraan upang pahalagahan kung ano ang epektibo para mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay.

Nangalap ng impormasyon ang mga tagasuri mula sa maraming iba't ibang mapagkukunan. Kabilang dito ang impormasyon mula sa mga indibidwal, organisasyon, at ulat na isinumite sa Kagawaran ng California para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad. Kinapanayam ng mga tagasuri ang mga taong nagpapatakbo ng mga programang Gawad sa SAE kabilang ang mga Regional Center at Organisasyong nakabase sa Komunidad at dininig ang mga karanasan ng mga pamilya. Kinapanayam din ang mga kawani ng Kagawaran ng California para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad.

Paano namin ito isinagawa

Gumamit ang mga tagasuri ng ilang paraan o pamamaraan sa kanilang pagsusuri. Nangangahulugan ito na gumamit sila ng kwantitatibong datos at kwalitatibong datos. Ang kwantitatibo ay tumutukoy sa impormasyong maaaring bilangin o ihambing sa isang numeric scale. Ang kwalitatibong datos ay naglalarawan ng mga kalidad ng mga katangian at hindi napakadaling bilangin o sukatin.

Ang natutunan namin

Kabilang sa mga natuklasan tungkol sa epekto ng programang gawad sa SAE sa mga taong may IDD ay:

- Mas tumaas ang paggastos sa mga serbisyo para sa mga taong may IDD na iba't iba ang mga pinagmulan sa pagitan ng 2017–2018 at 2021–2022 kaysa sa mga Puting indibidwal na hindi Hispaniko, ngunit sa ilang pagkakataon, patuloy na mayroong mga hindi pagkakapantay-pantay.
- Walang sapat na mapagkukunan ang mga Regional Center at Organisasyong nakabase sa Komunidad para mangalap at maunawaan ang impormasyon o datos tungkol sa mga hindi pagkakapantay-pantay.
- Ipinatutupad ang programang gawad nang walang opisyal na depinisyon ng ekidad at walang nakasulat na plano para sa pagsulong ng konsepto ng ekidad.
- Ang mga kategoryang pinondohan, tulad ng pagsasanay at adbokasiya ng magulang, ay walang ipinakikitang direktang epekto sa pagbabawas ng mga hindi pagkakapantay-pantay.
- Maraming dahilan kung bakit umiiral ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa sistema ng IDD ng California. Kabilang sa ilang dahilan:
 - » Ang mga serbisyo ay karaniwang idinisenyo para paglingkuran ang mga Puting populasyon na hindi Hispaniko;
 - » Ang mga uri ng serbisyo at suporta na ibinibigay ay hindi nakatutugon sa mga interes at pangangailangan ng mga taong iba't iba ang lahi, etniko, kultura, at wika na may IDD at kanilang mga pamilya;
 - » Hindi alam ng mga pamilya ang mga serbisyong ibinibigay; at maraming naglilitawang pangangailangan sa buhay ng mga pamilya na mahirap makuha o matanggap ang mga serbisyo.
- Maraming pinuno ng Regional Center ang nagsabing mahirap makuha ang tiwala ng mga populasyon na may iba't ibang lahi at etniko dahil sa mahabang kasaysayan ng rasismo at hindi makatarungang pagtrato.
- Ang mga programang Gawad sa SAE ay tatagal lamang nang halos isang taon. Hindi pa ito ganoon katagal para malaman kung gaano kalaki ang pakinabang ng mga ito sa mga komunidad na may iba't ibang lahi, etniko, at wika.
- Gawa ng COVID-19, nahirapan ang mga taong may IDD at kanilang mga pamilya na ma-access ang mga serbisyo dahil wala silang mga computer, at/o nahirapang gumamit ng mga online platform.
- Sinabi ng halos lahat ng pinuno ng Regional Center na higit na natutunan nila at ng kanilang mga empleyado ang tungkol sa kung ano ang nagdudulot ng mga hindi pagkakapantay-pantay at kung ano ang maaari nilang gawin para mas mapaglingkuran ang mga taong may IDD na iba't iba ang pinagmulan batay sa lahi, etniko, kultura, at wika.
- Sinabi ng mga pamilya na nadidismaya sila sa mahabang panahong paghihintay para sa mga serbisyo.
- Sinabi rin ng mga pamilya na madalas silang hindi nakakakuha ng mga serbisyo dahil masyadong kumplikado ang pag-apply para sa mga ito at/o hindi available ang mga ito sa kanilang mga wika.

Mga rekomendasyon

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay pinagsama-sama sa apat na kategorya: pinagtutuunan ng gawad, istraktura ng proyekto, mga uri ng proyekto, at mga hakbang sa pagbibigay ng gawad.

1. Pinagtutuunan ng gawad

- Bawasan ang bilang ng mga priyoridad para sa gawad sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bahaging maaapektuhan na may pinakamalaking tsansang mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay.

2. Istraktura ng proyekto

- Bigyang-kahulugan ang ekidad sa loob ng DDS at ng Programang Gawad sa SAE. Tiyaking madaling maintindihan ang depinisyon ng mga taong tumatanggap at nangangailangan ng mga suporta at serbisyo at ng mga organisasyong nagbibigay ng mga naturang suporta at serbisyo.
- Atasan ang mga Regional Center na makipagtulungan sa organisasyong nakabase sa komunidad upang makapag-apply para sa at makatanggap ng gawad sa SAE.
- Tukuyin ang bahaging pagtutuunan ng pansin at uri ng mga hindi pagkakapantay-pantay na mababawasan. Isaalang-alang ang paggamit ng Balangkas na Goode para sa Hindi Pagkakapantay-pantay ayon sa Mga Kapansanan (Goode Disability Disparities Framework) para matukoy ang mga hindi pagkakapantay-pantay batay sa maaaring makuha, maa-access, katanggap-tanggap, kalidad, at paggamit.
- Iatas na makasama sa bawat proyektong gawad sa SAE ang mga kasanayan sa kakayahang pangkultura at kakayahang pangwika. Dapat iatas sa mga aplikanteng gagawaran na tukuyin ang kakayahang pangkultura at kakayahang pangwika at kung paano gagamitin ang naturang mga kasanayan sa kanilang mga proyekto.
- Patagalin pa ang mga proyektong Gawad sa SAE na nagpapakita na nababawasan ng mga ito ang mga hindi pagkakapantay-pantay. Pag-aralan ang karagdagang pagpopondo hanggang apat na taon.
- Iatas ang isang modelo ng lohika at balangkas hinggil sa teorya ng pagbabago para sa lahat ng proyektong gawad sa SAE.
- Bumuo ng mas mainam na mga paraan upang sukatin ang progreso ng mga programang Gawad sa SAE.

3. Mga uri ng proyekto

- Tukuyin ang mga inaprubahang uri ng proyekto. Hanapin ang mga bahaging maaapektuhan na may pinakamalaking tsansang mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay. Nagmungkahi ang mga tagasuri ng apat na uri ng proyekto:
 - » **Edukasyon at pagsasanay:** Ang pagbibigay ng edukasyon at pagsasanay ay maaaring hindi magdulot ng makabuluhang pagtaas sa POS, lalo na sa maikling panahon. Kailangang patunayan ng mga Regional Center at CBO ang direktang ugnayan sa pagitan ng pagsasanay, adbokasiya, pamumuno, o aktibidad sa pagpapaunlad ng negosyo at pagtaas sa pag-access ng serbisyo o pagbabawas sa mga hindi pagkakapantay-pantay (hal. modelo ng lohika, teorya ng pagbabago, pangongolekta ng datos kabilang ang kasalukuyan at pangmatagalang pag-follow-up sa mga kalahok, pagsusuri ng datos at pag-uulat). Ang mga aktibidad na ito sa edukasyon at pagsasanay ay isang mahalagang mapagkukunan ng mga taong nakararanas ng IDD at kanilang mga pamilya pati na rin ng mga CBO. Iminumungkahi ng NCCC-MA Team na dapat ipagpatuloy ng DDS na pondohan ang ganitong uri ng proyekto ngunit hindi ito dapat sumailalim sa mahigpit na sukatan ng POS dahil sa pagiging kumplikado at gastusin kaugnay ng pagpapatunay ng mga resulta at epekto ng lahi, etnisidad, at wika na nakabatay lamang sa mga paggasta para sa mga naunang binanggit na dahilan.

- » **Pakikibahagi at pakikipag-ugnayan:** Ang pakikibahagi at pakikipag-ugnayan sa komunidad ay mahalaga upang ipaalam sa mga pamilya at komunidad na may iba't ibang kultura at wika ang tungkol sa mga suporta at serbisyo ng DDS sa buong takbo ng pamumuhay. Iminumungkahi ng NCCC-MA Team na patuloy na pondohan ang ganitong uri ng proyekto. Katulad ng Edukasyon at Pagsasanay, ang uri ng proyektong ito ay maaaring hindi makapagbigay ng kinakailangang datos para matugunan ang POS. Muli, kakailanganin ng mga gagawaran na ipakita ang direktang ugnayan sa pagitan ng mga aktibidad (mga presentasyon at fair na nagbibigay-impormasyon) na nagdulot ng pagtaas sa pag-access ng serbisyo o pagbawas sa mga hindi pagkakapantay-pantay.
- » **Mga community connector:** Ang NCCC-MA Team A ay sumusuporta sa patuloy na pagpopondo ng ganitong uri ng proyekto. Dapat bigyan ng prioridad sa pagpopondo ang mga grupong may kinalaman sa lahi, etniko, at wika (hal. nakapagsasalita ng isang wika maliban sa Ingles, limitadong kasanayan sa wikang Ingles tulad ng tinukoy sa US Census, ASL o iba pang gumagamit ng sign language) na nakararanas ng pinakamalaking porsyento ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa pag-access ng serbisyo. Bagama't maaaring magpakita ang katangiang demograpiko ng mas malaking populasyon ng isang partikular na grupo batay sa lahi o etniko, maaaring di-sinasadyang makaligtaan ang mas maliliit na grupo ng populasyon. Dapat atasan ng ganitong uri ng proyekto ang mga Regional Center na makipagtulungan sa mga CBO.
- » **Kapasidad at pag-unlad ng workforce:** Kung patuloy na popondohan ng DDS ang ganitong uri ng proyekto, kinakailangan ang mga pamamaraang makabago, pangkolaborasyon, at estratehiko. Dapat magbigay ng malinaw na patnubay sa kung ano mismo ang kahulugan ng kakayahang pangkultura at kakayahang pangwika para sa mga indibidwal (iba't ibang disiplina ng workforce kabilang ang mga direct support professional) at mga organisasyon (patakaran at kasanayan). Walang iisang pag-unawa sa mga Regional Center at CBO: 1) kung ano ang kakayahang pangkultura at kakayahang pangwika, 2) kung paano naiiba ang pagtukoy at pagkaka-konsepto ng mga kasanayang ito, at 3) na ang kultura at wika ay hindi nangangahulugan ng pag-access sa wika. Ang pagpapalawak sa nakukuhang workforce ay isang pangmatagalang layunin gawa ng krisis sa bilang ng mga direct support professional na umalis sa sistema ng serbisyo, lalo na sa simula ng pandemyang COVID-19, at sanhi ng iba pang kadahilanan kabilang ang sahod at mga kondisyon sa pagtatrabaho. Dapat isaalang-alang kung ang bahaging ito na pagtutuunan ay ang pinakaangkop na pamumuhunan para sa mga pondong gawad ng DDS.

4. Mga hakbang sa pagbibigay ng gawad

- Mag-atas na iulat ng mga proyekto ang progreso at mga resulta ng kanilang mga aktibidad. Dapat magbigay ang mga proyekto ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos.
- Atasang pakinggan ng lahat ng tumatanggap ng mga gawad sa SAE ang mga kalahok sa kanilang proyekto.
 - » Magsagawa ng mga pagtutuunang grupo
 - » Magdaos ng mga sesyon ng pakikinig